



Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa

Revised May 10, 2022

ST302. Soteriology: 2. Predestination

Introduction

Ang election at predestination ay magkaibang doctrina. Kung ang doctrina ng election ay ang paghihirang ng Diyos ng Kanyang natatanging bayan, ang doctrina naman ng predestination ay ang pagtatalaga ng Diyos sa Kanyang mga anak na may kinalalaman sa kanilang mga benefits and privileges. Ang election ay tungkol sa kaligtasan ng mga hinirang, ang predestination naman ay tungkol sa paghuhubog ng kanilang character, sa kanilang relationship with God at tungkol sa kanilang gawain habang sila ay nasa mundo. Ang election ay one-time act of God the Father, ang predestination naman ay ang lakbayin na tatahakin ng mga hinirang sa ilalim ng pamamahala ng Banal na Espiritu.

May tatlong bahagi ng Scriptura ang naglalaman ng doctrina ng predestination:

1. Romans 8:29-30. *Yaong mga kinilala ng Diyos bago pa man ay Kanyang itinalaga na maging kawangis ng Kanyang Anak, upang Siya ay maging panganay ng maraming kapatid. At yaong Kanyang mga itinalaga ay Kanyang tinawag; ang Kanyang mga tinawag ay Kanyang pinawalang-sala; at ang Kanyang pinawalang-sala ay Kanyang niluwalhati.* Ito ang unang reason sa predestination, na tayo ay itinalaga na maging kawangis ng Anak ng Diyos. We were created in the image of God subalit sa ating pagkahulog sa kasalanan na-damage ang image na iyon ng God sa atin kaya kinakailangang maibalik ito sa mga elect.
2. Ephesians 1:5-6, 11-12 . . . *tayo'y Kanyang itinalaga sa pagkukupkop bilang Kanyang mga ampon sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ayon sa Kanyang kaluguran at kalooban -- sa kapurihan ng Kanyang maluwalhating biyaya, na malaya Niyang ibinigay sa atin sa pamamagitan ng Kanyang minamahal na Anak; Sa Kanya ay hinirang tayo, itinalaga ayon sa plano ng nagsasagawa ng lahat ng bagay batay sa Kanyang layunin at kalooban, upang tayo na unang umasa kay Cristo ay maging kapurihan sa Kanyang kaluwalhatian.* Itinalaga tayong mga elect to be adopted. Kinupkop at inampon tayo ng Diyos. Kaya tayong mga ampon ay dapat magalak sapagkat pinili tayo. Iyon ang maganda sa adoption dahil tayo ay pinili. Ito ang ikalawang layunin ng pagtatalaga sa ating mga hinirang. Pinili tayo ng Diyos; hindi tayo ang pumili sa Kanya.
3. Ephesians 2:10: *Tayo nga ay gawang-sining ng Diyos, nilalang kay Cristo Jesus para sa mga mabubuting gawa na inihanda na Niya bago pa man ang lahat upang ating isakatuparan.* The word predestination is not used in this verse pero ang thought ng predestination ay narito. Ang tinatawag nating *calling*, ang mga good works na dapat nating gawin ay plinano ng Diyos para sa atin upang ating isapamuhay. Ito ang pangatlong pribilehiyo, we were called to do good works.

Part 1. Ang Paghuhubog sa Wangis ni Cristo

Napansin na ba ninyo na kapag nagkaroon ng kaunting lamat ang salamin, ito ay lumalaki nang lumalaki hanggang sa tuluyan na itong mabasag? Kapag ikaw naman ay tumingin sa salamin na maraming lamat,

hindi ba halos hindi mo na makilala ang iyong sarili dahil *distorted* ang iyong *reflection*?

Nang nilalang ng Diyos ang tao, nilikha Niya ito na ayon sa Kanyang wangis. Ang tao bago nahulog sa kasalanan ay may kakayahang *i-reflect back* ang wangis ng Diyos. Subalit dahil sa kasalanan, ang wangis ng Diyos na ito ay hindi na mai-reflect back nang tama ng makasalanang tao. Ang epekto ng kasalanan ay naging parang mga lamat sa salamin. Hindi na natin mapagwawari ang larawan ng Diyos kung tayo ay titingin lamang sa ating sarili o sa ating kapwa tao. Magkaganoon pa man, naroon pa rin ang true image ng Diyos na sinasabi ng Bible sapagkat hindi naman ito totally nabura sa makasalanang tao. Kaya nga having been created in the image of God, he has dignity as a human being ano man ang kanyang katayuan sa lipunan.

Ang paghuhubog sa wangis ng Diyos ay gawain ng Banal na Espiritu sa buhay ng mga nagtitiwala kay Cristo. Sa sandaling magtiwala ang isang tao sa salita ni Cristo, ang gawain ng paghubog ay magsisimula na sa kanyang buhay. Pansinin natin ang katotohanan na kapag naihubog ang makasalanang tao sa wangis ni Cristo, siya ay naihubog sa wangis ng Diyos. Ito ay sapagkat si Cristo ay tunay na Diyos. Ang gawaing ito ng Banal na Espiritu ay tinatawag na *Sanctification*, ang gawain ng Banal na Espiritu sa paghihiwalay sa mga anak ng Diyos at pagbabalik-hugis sa wangis ng Diyos sa pamamagitan ng pagpupuno Niya sa kanilang buhay. Masasabi na ang manifestations ng fruit of the Holy Spirit, ang love, joy, peace, patience, goodness, kindness, gentleness, faithfulness at self-control *is the filling of the Spirit in the life of the believer*.

Ang love na bunga ng Banal na Espiritu ay nilalarawan sa *1 Corinthians 13* kung saan sinasabi na ang pag-ibig ay matiisin, mabait, hindi naiinggit at nagyayabang, hindi bastos, makasarili, o nabibigla, hindi nag-iisip ng kasamaan kundi nagpupugay sa katotohanan, binabalikat at kinakaya ang lahat ng bagay, nagtitiwala nang lubusan, laging umaasa. Ang pag-ibig ay laging nagtatagumpay.

Ang joy ay ang kagalakan na ating nalalaspap kapag nai-experience natin ang kabutihan, kabaitan at pagkahabag ng Diyos. At ito ay nagbibigay sa atin ng kalakasan tulad nang sinasabi sa *Nehemiah 8:10*.

Ang peace ay ang kapayapaan na pinagkaloob na sa atin ng Panginoong Jesus ayon sa *John 14:27* at ang kapayapaang ito na lampas sa ating pang-unawa ay ating malalaspap sa tuwing ilalahad natin sa Panginoon ang ating mga kahilingan na may kalakip na pasasalamat na naaayon sa sinasabi sa *Philippians 4:6*.

Ang patience ay ang pangmatagalang paghihinog sa ating buhay ng mga magagandang katangian ayon sa *James 1:4* upang tayo ay maging ganap at walang pagkukulang.

Ang goodness ay kabutihan; kabutihan na laging may kalakip na matatag na pag-ibig, pagpapatawad, panangga, pagkahabag at mapagkukublihan ayon sa *Psalms 23:6, 34:8, 84:11, 86:5, 107:1*.

Ang kindness ay ang kabaitan na ating nadarama sa tuwing ang kasiyahan ng ibang tao ang nagiging layunin natin sa pakikitungo sa kanila. Ang Old Testament ay puno ng proclamation na God is kind and his lovingkindness is precious. At ang kabaitang ito ng Diyos ay nagpamalas na sa sanlibutan ayon sa *Titus 3:4*.

Ang gentleness ay kahinahunan ng espiritu. Sinabi ng Panginoong Jesus na siya ay gentle at humble in heart. Ang gentle na tao ay mahinahon kung magsalita kaya pati ang galit ng tao ay napapawi dahil sa ganitong taglay na katangian ayon sa *Proverbs 15:1*.

Ang faithfulness ay katapatan ng Diyos toward His children. Ang *1 John 1:9* ay may kinalalaman sa katapatan ng Diyos sa pagpapatawag ng mga kasalanan na ating hinihingi ng tawad. Sinasabi naman sa *2 Timothy 2:13* na kahit na tayo ay maging hindi tapat sa Kanya, ang Diyos ay nananatiling tapat sa atin. Ang faithfulness ay great at hindi nagbabago, tulad ng mga iba Niyang katangian.

Ang self-control ay ang pagpipigil sa sarili na huwag magkasala sa Diyos at sa ating kapwa.

Ang mga manifestations ng bunga ng Banal na Espiritu sa ating buhay ang nagpapatunay ng pagtatalaga ng Diyos Ama na tayo ay totally ma-conform sa wangis ng Kanyang Anak.

Part 2. Ang Pag-aampon Bilang Anak ng Diyos

Ephesians 1:5-6, 11-12: . . . tayo'y Kanyang itinalaga sa pagkukupkop bilang Kanyang mga ampon na pamamagitan ni Jesu-Cristo, ayon sa Kanyang kaluguran at kalooban -- sa kapurihan ng Kanyang maluwalhatian ng biyaya, na malaya Niyang ibinigay sa atin sa pamamagitan ng Kanyang minamahal na Anak. Sa Kanya ay hinirang tayo, itinalaga ayon sa plano ng nagsasagawa ng lahat ng bagay batay sa Kanyang layunin at kalooban, upang tayo na unang umasa kay Cristo ay maging kapurihan sa Kanyang kaluwalhatian.

Ang pag-aampon (*adoption*) ay isang legal na transaksyon na naglalaman ng mahahalagang bahagi o probisyon. Sa pagpapatuloy ng araling ito, mabuti na basahin muna natin ang mga sumusunod na *passages* mula sa Bibliya: *Genesis 15:6; John 1:11-13; Romans 3:21-31, 4:1-18; Galatians 3:1-9, 21-29; James 2:10*.

a) Ang pagbibigay-bisa sa pag-aampon. Ipinaliwanag ni Apostol Pablo sa Galatians 3 na ang pagpapawalang-sala ay hindi makakamtan sa pamamagitan ng batas – sapagkat ang lahat ay hindi makatutupad nang kabuoang ipinag-uutos nito.

Ang pagpapala na pangako ng Diyos ay binitiwang Niya kay Abraham at sa Kanyang supling na si Cristo Jesus (ito ay bahagi ng Covenant Theology). Nilinaw ni Apostol Pablo na ang pagpapawalang-sala ay sa pamamagitan ng pagtitiwala sa salita ng Diyos, tulad nang ginawa ni Abraham nang siya ay kausapin ng Diyos. Kaya nga, ang lahat nang nananalig sa salita ng Diyos at sa salita ni Cristo ay mapapawalang-sala. Abraham believed God and it was counted to him as righteousness. We live by faith and the righteous shall live by faith.

Ipinaliwanag din ni Pablo na hindi naman sa walang silbing mabuti ang batas. Mayroon! Hindi tayo sumusunod sa batas upang maligtas. Tayo ay sumusunod sa batas sapagkat mahal natin ang Diyos at nagtitiwala tayo sa Kanyang salita kaya ang pamumuhay natin ay kalugod-lugod sa Kanyang harapan. Hindi katulad ng mga pariseo who considered themselves righteous because they obey the law. That is self-righteousness.

Bago matapos ang ginawang pagtubos ni Jesus sa Kanyang bayan, lahat ay bihag ng batas na ginamit ng Diyos, hindi upang ang tao ay mapawalang-sala, kundi upang magsilbi bilang *guardian* o tagapangasiwa para doon sa mga tatanggap ng pangako sa pamamagitan ng kanilang pagtitiwala. Ang batas ang nagturo

sa atin kay Jesus upang tayo ay mapawalang-sala sa pamamagitan ng pananalig. Pinapatunayan sa atin ng batas na walang makasusunod sa *requirement* nito – ang *perfect obedience*. Subalit ngayong naririto na ang pananalig, wala na tayo sa *supervision* ng batas. At tayo nga ay nagiging anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagtitiwala kay Cristo Jesus.

Sinabi rin ito ni Apostol Juan na ang lahat na tumanggap kay Cristo at naniwala sa Kanyang pangalan ay binigyan ng karapatang maging mga anak ng Diyos, na isinilang hindi ng dugo, o ng kalooban ng laman o ng tao, kundi ng Diyos. At dahil tayo ay anak na ng Diyos, hindi na natin kailangan ng *guardian*. Makakamtan na natin ang karapatan para sa anak. At ito ay sa pamamagitan ng adoption o *pag-aampon na binibigyang-bisa sa pamamagitan ng pananalig sa salita ni Cristo*, hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa batas o dahil sa lahi.

b) Ang relasyon ng nag-ampon sa inampon. Ang *adoption* o pag-aampon ay isang legal na transaksyon. Nakapaloob dito ang may awtoridad sa ibabaw ng inampon, ang mga bagong obligasyon ng inampon at ang mga pinawalang-bisang mga obligasyon sa dating may taglay ng kapangyarihan na makapagpapasunod sa inampon.

Before our adoption, ang sinusunod natin ay ang diablo, ang mundo. Subalit nang tayo ay in-adopt ng Diyos, libre na tayo sa kapangyarihan nila. Inalis na tayo ng Diyos sa kapangyarihan ng diablo at ng mundo. Ang sabi sa Colossians 1:13, He has transferred us from the kingdom of darkness and placed us to the kingdom of light.

Nakatala sa John 8:39-44 ang isang engcuentro ni Jesus laban sa mga Pariseo (ang malakas na secto noon dahil sa kanilang kaalaman sa letra ng batas at pagsunod sa mga *requirements* nito). Pinagtitibay ng mga Pariseo na ang kanilang tanging ama ay ang Diyos mismo. Subalit pinabulaanan sila ni Cristo. Sinabi ni Cristo na kung ang Diyos ang kanilang Ama, Siya ay kanilang mamahalin. Sinabi pa Niya ang dahilan kung bakit determinado ang mga ito na Siya ay patayin -- ito ay sapagkat ang kanilang ama ay ang diablo na siyang nagnanais ng Kanyang kamatayan. Sinabi ni Cristo sa kanila na ang diablo ay mamamatay-tao sa simula pa lamang at ang ama ng kasinungalingan. Kung baga, ang sinasabi ni Cristo sa mga Pariseo ay ito: *Like father, like sons*.

Ang katotohanang sinasabi ni Apostol Pablo sa Ephesians 2:1-3 ay nangangahulugan ng ganito: Tayong mga mananampalataya ay dating mga patay sa ating mga kasalanan. Dati-rati'y sunod-sunuran lamang tayo sa gawi ng mundong ito at pamamaraan ng diablo - ang espiritung sa ngayon ay gumagawa sa kalooban ng mga suwail. Lahat tayo ay namuhay noon na kasa-kasama nila, binubusog ang pita ng laman at sumusunod sa paglakad ng kanilang mithiin at kaisipan. Samakatuwid, wala tayong pinagkaiba sa mga Pariseo pagdating sa kondisyon ng ating puso't kaluluwa at sunod-sunuran nga tayo sa kalooban ng diablo. Subalit nang tayo ay manalig sa salita at pangako ng Diyos, iniligtas Niya tayo sa pagkakasakal ng diablo at inampon Niya tayo bilang mga anak. Ang Diyos ang ating naging Ama.

c) Ang obligasyon ng inampon sa nag-ampon. Sinasabi sa Romans 8:12-14 na tayo ay may obligasyon - - hindi sa pita ng laman para tayo ay mamuhay ayon sa laman at mauwi sa kamatayan - - kundi obligasyon na magpauna sa Espiritu tungo sa buhay; ang lahat nang sumusunod sa Espiritu ay anak ng Diyos. Isipin natin kung sino ang sinusunod natin. At tayo nga ay naging anak ng Diyos sa pamamagitan ng pag-aampon.

We are children of God kaya ang loyalty natin ay sa Diyos. Hindi tayo nakikipagkaibigan sa mundo. Ang sabi nga ni James ay friendship with the world is enmity with God. So then brothers, we are debtors, not to the flesh, to live according to the flesh. For if you live according to the flesh you will die, but if by the Spirit you put to death the deeds of the body, you will live. For all who are led by the Spirit of God are sons of God.

Kaya naman ang ipinag-uutos ng Diyos sa mga nananalig sa Kanya ay ang magpakabanal sapagkat Siya na ating Diyos at Ama ay banal (Leviticus 20:26; 1 Peter 1:15-16). Kaya kung ang Diyos ang ating ama dahil sa adoption, tayo ay nararapat lamang na magpakabanal.

d) Ang mga benepisyong pribilehiyo ng inampon. Ang sabi ni Apostol Pablo sa Galatians 4:4-7 ay ganito: *Nang dumating ang paghinog ng panahon, isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak, isinilang ng babae, isinilang sakop ng batas, upang tubusin yaong mga nasa ilalim ng batas, para makamtan natin ang pag-aampon bilang mga anak. Dahil kayo ay mga anak, isinugo Niya sa inyong puso ang Espiritu ng Kanyang Anak, na nananaghoy, Abba! Ama! Kaya hindi na kayo alipin kundi anak, at dahil anak, ginawa kayong tagapagmana.* Napakainam isipin: Tayo ay tagapagmana ng Diyos na ating Ama, katulad ni Cristo.

Kung ang Diyos ay hari at tayo ay Kanyang mga anak ang ating mana ay walang iba kundi ang Kanyang kaharian. Sa pagbabalik ni Cristo itatag Niya ang Kanyang kaharian dito sa lupa. Samantala, ang Kanyang pananakop sa ating mga puso ay maaari na nating malasap. Kung ito nga ang ating nararanasan ang kaharian ng Diyos ay atin nang namana.

The kingdom is within us because we are part of God's kingdom at Siya'y naghahari na. Ang Matthew 5:5, 25:34; 1 Corinthians 6:9-10; 15:50; Galatians 5:21; Ephesians 5:5; James 2:5, ang lahat ng mga talatang ito ay tumutugma sa kung ano ang mamanahin ng mga anak ng Diyos.

Ang tanong ay ito: Kailan natin tatanggapin ang ating mana? Hindi tulad ng batas dito sa lupa, kung saan ang mana ay tatanggapin ng anak pagkamatay ng ama, ipagkakaloob sa atin bilang mga anak ng Diyos ang kaharian sa takdang panahon. Sa pagbabalik ni Cristo, *physically*, dito sa lupa, itatag Niya ang Kanyang kaharian. Samantala, ang Kanyang pananakop sa ating mga puso ay maaari na nating malasap. At kung ito nga ang ating nararanasan, ang kaharian ng Diyos, *spiritually speaking*, ay atin nang namana.

Para sa akin, isang napakahalagang pribilehiyo bilang anak ng Diyos na matawag ko Siyang - Ama, at makadulog sa trono ng Kanyang biyaya.

Part 3. Mga Hinandang Mabubuting Gawa na Dapat Isapamuhay

Ang sinasabi sa Ephesians 2:10 ay ganito: *For we are His workmanship, created in Christ Jesus for good works, which God prepared beforehand that we should walk in them.*

Ito naman ang sinasabi sa Matthew 5:13-15: *You are the salt of the earth; but if the salt loses its flavor, how shall it be seasoned? It is then good for nothing but to be thrown out and trampled underfoot by men. You are the light of the world. A city that is set on a hill cannot be hidden. Nor do they light a lamp and put it under a basket, but on a lampstand, and it gives light to all who are in the house. Let your light so shine before men, that they may see your good works and glorify your Father in heaven.*

Samakatuwid, mayroong plano ang Diyos para sa atin individually, and collectively as a local church. At ang bunga ng ating pagsasapamuhay ng planong ito ay kaluwalhatian at papuri sa ating Ama sa langit na magbubunga naman ng kaligayahan sa ating buhay.

Ang tanong ay ito: Ano ang mga good works na ito at paano natin madi-discover ang mga ito?

Una sa lahat, dapat nating maunawaan na ang plano ng Diyos para sa atin individually ay nakapaloob sa plano ng Diyos para sa atin collectively, as a local church. At ang ating local church ay nakapaloob sa plano ng Lord para sa Kanyang universal Church. Ibig sabihin, ang pagkakanya ng pagkilos ay salungat sa kalooban ng Diyos. Isa lamang ang Great Commission, at ito ay para sa pangkalahatang iglesya ng Panginoong Jesu Cristo. Ang commission na ito ay two-fold: evangelism at discipleship.

Ikalawa, dapat na magtulungan ang mga believers para sa pag-discover ng kanya-kanyang bahagi sa gawaing ito. Sa bahaging ito mauunawaan ang kahalagahan ng pagkakaloob ng Panginoon ng delegated authority and responsibilities sa mga magulang, mga elders at mga tagapamuno ng gobyerno-sibil.

Kaya naman, dapat nating maunawaan ang mga responsibilidad a] ng ating gobyerno-sibil, which are to protect the life and property of its citizens, to maintain peace and order and to promote prosperity by continually increasing the productivity of the nation as a whole, b] ng ating iglesya-local, which are to preach the Gospel, to make disciples of Christ and to function as salt and light to our nation, and c] ng mga magulang, which are to protect the life and property of the family, to train the children in the way they should go and prepare the children for their future.

Ikatlo, dapat na maobserbahan sa loob ng tahanan ang mga special talents at abilities ng mga bata, pati na sa eskuwelahan at iglesya. Ang parent-teachers conference na isinasagawa sa eskuwelahan ay malaki ang maitutulong sa bagay na ito. Gayon din ang mga church activities na designed for this purpose.

Ang malaman ang giftedness ng mga bata habang sila ay lumalaki at malaman ang mga opportunities na available para sa ikauunlad ng local church at local government units ay mainam na unang hakbang na magagawa sa pag-discover ng mga good works na kasama sa plano ng Diyos para sa buhay ng mga mananampalataya.

Tulad ni Apostol Pablo, mararating ng mananampalataya ang pagka-contento sa buhay, whether in plenty or in need, kapag ang nilalakaran ay ang mga good works ang inihanda ng Diyos para sa kanyang buhay noong una pa man.

© Revised: May 10, 2021 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.